

WIKA AT KRITISISMO

VIRGILIO S. ALMARIO

Tagapangulo, Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas

1. WIKANG 'PANGMUSEO' AT 'PANGKOMERSIYO'

Noong 1603, isang Heswitang misyonero, si Pedro Chirino, ang nagsabing kinagigiliwan niya't hinahangaan sa lahat ng mga wika sa kapuluang Pilipinas ang Tagalog.

Gaya ng sinabi kong una sa obispo, at pagkaraan, sa ibang iginagalang na tao sa kapuluan at sa Europa, natuklasan ko sa lengguwaheng ito ang apat na katangian ng apat na dakilang wika sa daigdig, Ebreo, Griyego, Latin, at Espanyol: taglay nito ang kawalang-katiyakan at kalabuan ng Ebreo; ang mga panturing at pagbabago-bago ng mga pangngalang pantangi at pambalana ng Griyego; ang kaganapan at kariktan ng Latin; at ang pagiging pino, makinis at magalang ng Espanyol.

Hindi na natin ngayon malilitis ang saloobin ng butihing pari sa gayong pagpaparangalan sa Tagalog bagama't iniuugnay niya ang gayong mga katangian sa kakayahan ng Tagalog bilang wikang pansalin para sa mga gawaing panrelihiyon. Sa bungad ng ika-20 siglo, sisipiin siya ni Epifanio de los Santos at ng iba pang mananaliksik at manunulat, ngunit ngayo'y sa iba't tiyak na layunin: Upang ipagdiwang ang sinaunang yaman at kakayahan ng wikang Tagalog bilang isang wikang pambansa. Ipagmamalaki halimbawa ni Julian Cruz Balmaseda na 'nangagkaisa' ang mga Europeo 'sa pagsasabing nang sila'y dumating dito ay nakita nilang ang Katagalugan ay siyang tanging nag-aangkin ng wikang di kahiya-hiyang ipantay sa mga wikang Ebreo, Griyego, Latin at Kastila'.

Nakatutuwang bukod sa Espanyol ay mga sinauna kundi man patay nang wika ang naihanay ni Chirino bilang hambingan sa Tagalog. Kung sakali, alam nating napapat-

nubayan siya noon ng kasaysayan at transpormasyon sa wika ng pananampalatayang Kristiyano. Samantala'y hindi ito naisaalang-alang ng tulad ni J.C. Balmaseda na tiyakang tumatangkilik nitong ika-20 dantaon sa kapalaran ng Tagalog sa loob ng kapang-yarihang Amerikano at pagpapalaganap ng Ingles bilang wika ng kultura't edukasyon.

Ang pangyayaring ito, palagay ko, ang pumipigil kundi man nagligaw sa mahigit kalahating siglo nating pagmamalasakit sa Tagalog at sa wikang pambansang tinawag nating Pilipino. Una, nabalaho ang malaking bahagi ng ating saliksik at sigasig sa mga katangiang inilatag ni Chirino. Kaugnay nito'y nakaligtaan naman ang mas praktikal at ngangyuning pangangailangan na dapat sangkutan ng wikang pambansa upang mabisang makasunod ito kundi man pumantay sa makabagong takbo ng daigdig.

Hanggang ngayon, marami sa ating mga Tagalista o Pilipinista ang bumabanggit kay Chirino nang halos di sinisiyasat ang kaligiran, motibo at implikasyong pangkasalukuyan ng pahayag ng misyonero. Hindi natin tuloy nasusuri na pagkaraang kasangkapanin nina Balmaseda sa bungad ng ika-20 siglo, ang paggamit pa ngayon kay Chirino ay bulag na pagsunod lamang at nagliligaw sa atin palayo sa mas makatuturang isyu't tungkuling pangwika. Higit sa mga katangiang inihanay ni Chirino sa Ebreo, Griyego, Latin at Espanyol ay kailangan din natin ang mga katangian ng Ingles, Aleman, Pranses, Ruso at iba pang wika; bukod sa kariktan, kakinisan o kalabuan ng mga wika ng sinauna't naghihirap din ngayong bansa ay kailangan din natin ang mga sangkap ng pagsulong at kabaguhan sa mga wika ng industriyalisado't mayayamang bansa sa kasalukuyan.

May tunguhin tayong ipagpilitan ang luwalhati ng nakaraan. Sa panahon nina Balmaseda, isang makabuluhang salik iyon ng makabansang adhikaing mapanatili ang ating pambansang kaakuhan sa harap ng kinatatakutang Amerikanisasyon. Kailangan nilang ibantayog si Balagtas laban sa mabilisang pagsamba sa panitikan at kulturang dala ng Amerikano. Kailangan nilang ulit-uliting sipiin si Chirino upang mapahalagahan ang katutubong wika, lalo na noong pinag-uusapan ang Konstitusyong 1935.

Ngunit naging isang konserbatibong sentimiyento ito na nagpakitid kahit sa ating makabansang mithiin at matagal na panahong pumigil sa likas na dinamismo ng ating sariling wika, kultura at lipunan. Ang patuloy halimbawang pag-usal natin kay Chirino ay nakakawangki lamang ng labis at mali nating pagpapahalaga sa matatandang relikyang sa ating paligid--sinasamba nati't dinadalanginang parang santo sa altar, dili kaya'y ninanakaw at ipinagbibili sa mga turista't dayuhan o ipinampapalamuti bilang sagisag ng kariwaan sa bahay ng mayayaman, ngunit hinding-hindi natin mapagkaisahang ingatan at itanghal sa isang angkop na museong pambansa.

O marahil isang bansa pa tayong di maibukod ang pangmuseo sa pangkomersiyo?

Alam ko ang panganib na kaakibat ng ginamit kong 'pangmuseo' at 'pangkomersiyo'. Kapwa ito may 'malansang' amoy sa diksiyunaryo ng ating karanasan. Dapat ko lamang paglaruan ang tunog at kahulugan ng 'museo' at 'komersiyo' upang maisudlong ang kaibhan ng 'kahapon' sa 'ngayon' at mas mailantad ang wastong pagpapahalaga para sa isa't isa. Bilang hambingan sa tinatalakay nating sitwasyong pangwika, ibig kong ipanukala na kung bagama't di na nga natin magagap ang tumpak na pagpapahalaga sa wikang 'pangmuseo' ay lalong di natin nalilinig ang wikang 'pangkomersiyo'. Ang higit pang malungkot ay ang pangyayaring kinakalakal natin ang 'pangmuseo' at isinasaalang-alang namang parang mahiwaga't di dapat hipuin man lamang na anito sa museo ang mga bagay na 'pangkomersiyo'. Sa kasong ito malaki ang kasalanan ng ating mga dalubwika at mananaliksik, lalo na iyong sa isang banda'y pinagkakakitaan ang pagbibenta ng mga lumang talasalitaan at naipagpapalit ng grant o magandang puwesto ang kanilang mga sinaunang saliksik at kaalaman at yaong sa kabilang banda'y laging pumipigil na ilahok sa makabagong agham at teknolohiya ang ating dila't diwa.

Lilinaw pa ang binuksan kong problema kapag pinagtuunang-pansin natin ang kahapon at ngayon ng Pilipino bilang wika sa panunuring pampanitikan.

2. SA KANAL NG KAHAPON

Nitong nakaraang mga buwan, nagkaroon ako ng pagkakataong magsalita at makausap ang mga guro mulang iba't ibang paaralan sa pamamagitan ng mga seminar at kumperensiya sa panitikan. Dalawa ang aking napansin at nagpatibay sa matagal ko nang sapantaha tungkol sa problema ng ating mga titser ng literatura. Una, ang malaking uhaw nila sa anumang dagdag na kaalaman sa anumang aspekto ng pagtuturo ng panitikan--isang bagay na may kaugnayan sa limitado nilang kahandaan bilang mga guro ng panitikan at sa pagdarahop sa babasahing nauukol sa pagsusuri, pagsasaliksik at pagtuturo ng panitikan. Ikalawa, ang mababaw nilang pakaunawa sa kahit alam na nilang akdang pampanitikan--isang problema na bukod sa kaugnay din ng limitado nilang kahandaan ay naglalantad sa luma kundi man depektibong teorya at instrumento ng pagsusuri na nakuha nila sa mga klase at aklat pampanitikan sa kolehiyo.

Gusto kong isipin na hindi tamad ang marami sa ating mga guro. Gusto kong isipin na marami sa kanila ang ibig magbasa, tumuklas ng bago at magdagdag ng kaalaman at maituturo. Ngunit walang gayong pagkakataon sa kasalukuyan upang sumulong ang pagtuturo at pag-unawa sa panitikan sa mga paaralan. Walang libro o babasahing tumutugon sa gayon nilang pangangailangan at kung mayroon ma'y imposibleng makaabot sa kanila at sa abot-kaya nila.

Samakatuwid, hindi kalabisang kalkulahan na 90 porsiyento ng ating mga guro ng panitikan ay nakatali sa mga teksbuk--yaong ginamit nila noong nasa kolehiyo sila at yaong ginagamit nilang panturo. Suwerte na marahil madagdagan ito ng dalawa hanggang limang paboritong nobela o koleksiyon ng tula, ilang jurnal na pampanitikan, o kaya'y ng manaka-nakang artikulong ginupit sa magasin at peryodiko. Kung halimbawa'y dalawampung taon na nilang itinuturo ang *Florante at Laura*, dalawampung taon na nilang ulit-ulit ipinamimemorya ang mga 'gintong butil' ng kaisipan ni Balagtas, ipinasusulat ang mga aral mula sa awit, ipinaistorya ang buhay nina Florante o Aladin, o kaya'y pinagdidebate ang mga estudyante kung si Laura o si Florida ang dapat maging huwaring babae. Kung ginagamit nila ngayon ang bersiyon ni Monleon, siguro'y pinagpipilitan nilang ikategorya ang mga tayutay ni Balagtas sang-ayon sa magulo't arbitraryong depinasyon ni Monleon. Pero suwerte rin kung nabasa nila ang 'apat na himagsik' ni Balagtas sang-ayon kay Lope K. Santos at halos nakagugulat kung nasundan nila ang kontrobersiya sa pagbasa ng awit nina E. San Juan, Lumbera at Hosillos.

Ano namang klaseng teksbuk ang puno't dulo ng pagtuturo ng literatura sa ating mga paaralan?

Mahirap mang-upasala ng kung sino-sinung awtor. Kung mataas na paaralang publiko ang pag-uusapan, maliwanag na ibinodega na ang mga gasgas na kopya ng apat na tomong *Diwang Kayumanggi* ni Juan C. Laya. Gayunman, hindi nangangahulugang naiiba't mas mahusay ang mga ipinalit. Totoong may mga teksbuk na nagpasok ng mga bagong halimbawang akda--mga likha ng kabataang manunulat para wika nga'y maiagapay ang binabasa sa kasalukuyang takbo ng panitikan--ngunit may mga halimbawang akda sa mga bagong teksbuk na hamak husay pa ng mga akda sa antolohiya ni Laya bukod sa maraming bagong pangalan ang talaga namang walang kinalaman sa literatura at may mga akdang halatang sinulat para lamang iangkop ang nilalaman sa isang takdang leksiyon at kahingian ng kurikulum ng DECS.

Ang binabasa namang teksbuk sa pag-aaral ng panitikan sa kolehiyo ay hindi pa rin nalalayo sa modelong pinasimulan noon ni Eufronio Alip at sinundan nina Rufino Alejandro at Jose Villa Panganiban. Bilang isang paglingon sa nakaraan, nag-uumpisa

ang modelong ito sa pahayag na kahawig ng kay Chirino upang pagkaraan ay isiwalat ang mayamang katutubong panitikan ng ating mga ninuno, ang naging pagbabago bunga ng kolonyalismong Espanyol, ang makabayang panitikang sumulpot sa panahon ng Propaganda at Himagsikang 1896, at ang yugto-yugto o pangkat-pangkat na paglilista ng mga awtor at akda sa kasalukuyang dantaon.

May mga librong nakapagdududa ang uri ng pananaliksik at kung minsa'y mahahalatang para lamang pagdaragdag at pagretoke sa libro nina Alip, Alejandro at Panganiban. Sa gayon, ang mga mali at di-makatwirang pahayag nina Alip ay patuloy na nalilimbag at nasisimsim ng mga estudyante sa kolehiyo. Marami naman sa mga propesor ang wala ring pananaliksik at humaharap sa klase na parang mga loro ng ginagamit nilang teksbuk. Ang iba nga sa kanila ang nangangahas ding magsulat ng teksbuk nang walang kikip kundi ang katibayan ng pagiging 'doktorado' o 'superbisor' sa Pilipino.

Kung susundan natin ang panukala na halos nakasandig lamang ang pagtuturo ng panitikan sa pagbabasa ng teksbuk ay unang-unang dapat pagyamanin/payamanin ang teksbuk sa kolehiyo. Sa pamamagitan nito, palagay ko'y uunlad ang karanasan sa mga klase sa panitikan at makapaghahasa ng mga estudyanteng sa malao't madali'y magiging guro at siya namang magpapasok ng kabaguhan sa mga teksbuk at klase sa mataas na paaralan.

Ang ganitong programa ng pagbago sa pagtuturo ng panitikan sa antas pangkolehiyo ay dapat gawing institusyonal at bukluran. Ibig sabihin, magsama-sama ang pinakamahusay na mga mananaliksik at propesor sa iba't ibang unibersidad at institusyon at tulong-tulong na buuin ang kahit listahan man lamang ng mga huwarang awtor at akda sa panitikang Pilipino bukod sa muling pagtaya sa mga naunang saliksik at pananaw ang mga unang kritiko't editor ng teksbuk.

Isang mabigat na problema ito. Unang problema ang pag-ipon sa mga kritiko't iskolar ng panitikan ng Pilipinas na sa ngayo'y kanya-kanya ng sulok bukod sa kanyakanyang iringan. Ikalawang problema ang kalidad mismo ng pananaw at saklaw ng pananaliksik at pagbabasa ng ating mga kritiko't iskolar upang tunay na makapag-ambag ng pasulong sa panunuring pampanitikan.

Sa aking mahigit dalawang dekadang karanasan bilang kritiko at manunulat sa Pilipino ay alam kong talagang parang pusang di-binilang ang maliit na lipunang pinasukan ko. Sa kabilang dako'y matagal ko na ring sinasabi na ang panunuring pampanitikan o kritisismo ay isang larangang kung bagama't minamahalaga ay hindi malililang. Sa ilang matatawag na kritiko sa Pilipinas, ang karamihan pa sa mga ito'y Ingles ang ginagamit sa pagsulat. Ang totoo, nitong nakaraang ilang taon lamang may dibdibang pumasok sa kritisismo na Pilipino ang wikang pansulat bukod sa akda sa Pilipino ang tinatalakay.

Hindi man maaaring sabihin na ngayon lamang napagpapakuan ng pansin ang larangang ito. May mga palatandaan na noon pa mang panahon ng Espanyol ay minamahalaga ng mga naglimbag ng unang libro sa ating bansa ang puna o papuring manggagaling sa kapwa at iginagalang na manunulat. Kaya noon pa'y may maiikling introduksiyon sa bungad ng ilang popular na aklat at may malinaw na layuning ganyakin pa ang mambabasa para magustuhan ang tinutunghang akda.

Gayunman, waring nakanal din sa ganitong gawain ang pagtuturing sa kritisismo hanggang sa kasalukuyan. Ang kritiko'y madalas na matampok lamang bilang tagapagpakilala ng isang akda at sa ganito'y madalas na ang maging tungkulin ay magsabog ng di-matingkalang paghanga sa awtor at akda. Ang mas maasim na puna ay lumilitaw sa manaka-nakang rebista at buk ribyu sa pahinang pangkultura ng ilang piryudikal at sa komentaryo ng ilang interesadong kolumnista. Ang itinuturing namang mas mabigat na trabaho'y pumapasok sa anyong pahapaw na lektiyur at komposisyon o tesis sa akademya.

Ang pangyayaring ito ang humubog sa popular na paniwalang ang kritisismo ay isang larangang puwedeng pasukin ng sinumang diletantista kundi man isang reserbadong sulok para lamang sa mga iskolar. At dapat isaayos ang bagay na ito. Sa isang banda, dapat makaigpaw ang kritisismo mula sa pagkahig-kahig ng mga 'kritikastro' (ayon kay Abadilla) at tsismisan ng mga pangginggera upang umani ng paggalang ang kahit maiikling ribyu at komentaryo. Sa kabilang banda, dapat makalaya sa wika't isyung pang-akademya ang ating mga iskolar upang makatulong sa popularisasyon ng wika't panitikan ng Pilipinas.

3. SA LANDAS NG PAGBABAGO

Pinag-uusapan natin ngayon ang 'intelektuwalisasyon' ng wika. Kaugnay nito, ibig nating matukoy ang maiaambag ng kritisismo tungo sa layuning ito. Kapag isinaalang-alang natin ang saklaw at posibilidad ng kritisismo, gaya ng naging papel at kasaysayan nito sa Europa at Estados Unidos, ay agad nating masasabing malaki, malaking-malaki, ang tungkulin nito sa pagsusulong ng wika't kamalayang Pilipino. Kailangan lamang, sa liwanag ng inilahad kong nakaraa't kasalukuyang kalagayan nito at kaugnay ng iniharap ko ring problema't pangangailangan ng mga guro ngayon, ay maiaagapay ito sa isang pangkalahatang makabansa't demokratikong palatuntunan ng pambansang reedukasyon at mabigkis ang mga pangunahing praktisyuner ng larangan tungo sa isang sistematikong pagbaka sa nakaraang mga sakit at limitasyon nito.

Narito ang ilang mungkahing gawain at proyekto.

- (1) *Isang malawakan at masusing pagsusuri ng mga panitikan sa Pilipinas.* Sa ngayon, marami na tayong mga espesyalista sa iba't ibang wika't panitikan ng ating bansa bukod sa ilang institusyon at surian na nagsasagawa ng gayong pagsasaliksik. Ang problema'y hindi natitipon ang mga pag-aaral bukod sa hindi nalilimbag upang makaabot sa nakararami. Napakahalagang matipon ang mga ito upang kung sakali'y makapagyaman sa nilalaman ng ating mga teksbuk sa literatura at upang higit na mapagtining ang isang pambansang pagtaya sa kasaysayan ng ating mga panitikan.

Sa ngayon din, may mga organisasyong pangwika't pampanitikan na nagsasagawa ng mga seminar at kumperensiya na tumatalakay sa ating mga panitikan. Isang halimbawa ang mga seminar na idinaos ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) nitong nakaraang taon na dinaluhan ng mga guro at nagharap ng mga espesyalista't mananaliksik para magbigay ng kanya-kanyang ulat hinggil sa kanya-kanyang pinag-aralang katutubong literatura.

Ngunit dahil sa takdang panahon at iba pang limitasyon, malimit na maging pahapyaw lamang ang nagaganap na presentasyon sa ganitong seminar. Malimit ding napapako ang diskusyon--kung may panahon para sa open forum--sa mga luma't di-kapaki-pakinabang na isyu't suliranin. Anupa't kailangan ang naiibang pagkakataon na makapagdudulot ng higit na mahabang panahon sa talakayan gayundin ang pagtipon sa mas maliit na grupo ng mga eksperto para maging mas masusi ang diskusyon at mapagitaw ang makabuluhang mga lagom at pananaw tungkol sa ating pambansang panitikan.

- (2) *Isang talakayan hinggil sa impluwensiya't aplikasyon ng iba't ibang teoryang pampanitikan.* Dapat kong banggitin kaagad na nitong Nobyembre 13-14, 1987 ay nagkaroon ng tinatawag ng 'First Consultative Conference on

Literary Theories' na dinaluhan ng ilang piling eksperto sa literatura, karamihan ay mga propesor sa akademya, at tumalakay sa iba't ibang teoryang pampanitikan. Diumano'y bahagi ng naturang proyekto ang paglalathala ng mga panayam at diskusyon sa naturang kumperensiya para magamit sa inihahandang pagbago sa mga teksbuk sa hay-iskul.

Makabuluhan sa ating layunin tungo sa reedukasyon ang ganitong gawain. Dapat pa itong masundan. Una, upang higit na matukoy ang impluwensiya't aplikasyon ng mga teoryang pampanitikan sa naging kasaysayan at tunguhin ng ating sariling panitikan. Ikalawa, upang maipasok ang katutubong reaksiyon at repormulasyon ng ating mga awtor at kritiko sa mga teoryang mula sa Kanluran. Ikatlo, upang maitanghal ang mga awtentiko't katutubong salik ng ating sariling panitikan.

Anupa't dapat maging pandayan ang mga talakayan at seminar na ito para masagap ng wika ang lalong pinakamakabuluhang kaisipan mula sa labas samantalang nahahasa rin ang wika upang lumikha ng mga tiyak na terminolohiya na mailalapat sa diwa ng mga nagaganap na eksperimentasyon sa panitikan.

Bilang susog na paliwanag sa aking unang dalawang mungkahi ay nais kong balikan ang saligang problemang binuksan sa unahan ng panayam na ito. Matagal ko nang pinapansin na ang pagtuturo at talakay sa panitikan ay karaniwang nakakanal sa mga lumang isyu't problema. Halimbawa: May maipagmamalaki ba tayong katutubong panitikan bago dumating ang mga Espanyol? Katutubo ba o hindi ang tugma at sukat? Dapat ba o hindi sumulat sa malayang taluduran? May silbi ba ang romantisismo sa ating mga kuwento't dula? Bakit dapat magsulat sa Pilipino? Mainam bang magsulat sa o kaya'y magbasa ng magasing komersyal?

Mga tanong itong dapat nang itago sa museo. Nilurok na ang mga ito noon nina Balmaseda, Regalado, L.K. Santos at iba pang manunulat sa panahon ng Amerikano. Pero mga tanong na ulit-ulit sumusulpot sa mga kasalukuyang diskusyon at pinag-uubusan pa natin ng oras sa mga seminar at open forum. Ang pangyayaring ito, palagay ko, ang malaking balaho para sa pagsulong ng ating paggamit sa ating wika at sa pag-unlad ng ating kamulatan. Hinihingi samakatwid ng ating panahon at pangangailangan na igpawan natin ang gayong mga lumang polemika at pasukin ang mga problemang magpapalawak sa ating kamalayan sa panitikan, pandaigdig man o pambansa.

- (3) *Dagdag na yunit o subjek sa kolehiyo para sa pagsusuring pampanitikan.* Kung hindi madaragdagan ang lahat ng kurso sa kolehiyo, kahit paano'y dapat payamanin ang karanasan ng mga magiging guro sa pag-aaral ng panitikan. Kapansin-pansin ang mga medyor ngayon sa Pilipino ay mas pinupurga sa balarila at kulang na kulang sa *exposure* sa literatura at teoryang pan-literatura. Sa kabilang dako, kaya naman lumilitaw na mas handa ang mga gurong medyor sa Ingles ay dahil bukod sa gramatika't retorika, sinisiksik din ang kanilang kurso sa mga asignaturang panliteratura.

Kasudlong ng mungkahing ito'y maaaring palawakin ang gamit ng Pilipino sa pagtuturo kahit ng panitikang pandaigdig. Maraming aangal sa mungkahing ito, at tiyak na ang iba'y makatwiran, pero isang landas ito ng pagbabago na dapat nating harapin hangga't maaga at hangga't maaari. Sa ngayon, maaaring eksperimental ang pagtuturo at sa paraang gagamit pa ng mga teksto sa Ingles. Ngunit darating ang panahon na lilitaw na higit na

kapaki-pakinabang para sa ating mga estudyante ang pag-aaral ng panitikang pandaigdig sa sariling wika.

- (4) *Isang malawakang programa ng pagsasalin ng mga makabuluhang akda mula sa ibang banyaga't katutubong wika.* Kaugnay ng pagtuturo ng panitikang pandaigdig gayundin ng panitikang nakasulat sa iba't ibang wikang katutubo, dapat paghandaan ang isang programa ng pagsasalin. Sa larangan ng kritisismo mismo'y dapat piliin at isalin ang mga pangunahing akda ng kung sino-sinung teoritisyan sa literaturang pandaigdig--mula kina Aristotle hanggang sa mga kasalukuyang sikat na kritiko't manunulat--upang higit silang matalakay sa sariling wika. Pansamantala'y maaaring makatulong ang mga kritiko natin sa paghalaw at pagsulat ng pinagaang paliwanag hinggil sa makabuluhang mga teoryang pampanitikan sa ibang bansa.

Hindi kalabisang isipin na ang mga mungkahing programang ito ay maglundo sa dagdag na mga publikasyon at reperensiya. Kabilang ang matagal ko nang pangarap na isang ensayklopidya ng mga katawagang pampanitikan, ng mga pangunahing manunulat at akda ng ating bansa at ng siniksik na mga kasaysayan ng ating mga panitikan. Kabilang din ang isang regular na journal hinggil sa panunuring pampanitikan at ipamamahagi sa lahat ng aklatan sa kapuluan upang patuloy na basahin at tamasahin ng ating mga guro at estudyante sa literatura.

Mapapansin ngayon na ang ilang mungkahi kong ito ay nakatuon sa dalawang layunin para sa panunuring pampanitikan: una, ang pagpapalawak ng nilalaman at interes ng naturang larangan; ikalawa, ang pagpapalaganap ng isang napagkaisahang bokabularyo ng mga praktisyuner, isang wikang mabisa't praktikal--tulad ng wika ng komersiyo--tungo sa pag-aaral ng kasaysayan at takbo ng panitikan. Mapapansin din na hindi ito magagawa ng isa o ilang tao lamang at dapat sangkutan ng lahat ng interesadong pangkatin upang maisakatuparan.

Sa pamamagitan ng ganitong programa'y maaangkupan ng panunuring pampanitikan ang nagbabagong wika't pananalig ng ating panitikan. Tiyakan ding ang wikang gagamitin ng ating mga kritiko ay magkakaroon ng katangiang higit kaysa ipinagmalaki ni Padre Chirino noong 1603.